2 Nursing Care Insurance (Kaigo Hoken)

2-2 Kapag tumanggap ng nursing care service

(1) Kapag tumanggap ng nursing care service

Ang pagtanggap ng nursing care service ay limitado sa mga may edad na 65 taong gulang pataas na nangangailangan ng nursing care, o di kaya ang 40~64 taong gulang na mga nangangailangan ng nursing care dahil sa nakatakdang mga sakit (16 na uri ng sakit) na dulot ng pagtanda.

(2) Patunay na nangangailangan ng nursing care service

Sa pagtanggap ng nursing care service, kinakailangang magpasa ng application form sa tanggapan ng munisipyo at sumailalim sa youkaigo nintei o pagpapatunay ng pangangailangan ng nursing care, upang malaman ang antas ng nursing care na kinakailangan. Matapos ipasa ang application form at magpasailalim sa medical exam ang aplikante, pag-aaralan ng komite (Kaigo Nintei Shinsakai) ang resulta ng pagsusuri mula sa duktor at pagpapasyahan kung totoong nangangailangan ng nursing care ang aplikante. (Kasama sa 7 na antas ang pangangailangan ng suporta 1 at 2 o youshien 1 at 2, at pangangailangan ng nursing care o youkaigo 1~5).